**Camella Lipa Homeowners' Association, Inc.**
Brgy. Tibig, Lipa City Batangas
HLURB Reg. No. 15447 • TIN No. 420-931-299-000
Official Website: https://camellalipahoa.com
Contact No.: +639175785171; Email: hoaofficial@camellalipahoa.com

REF : 5172021-CLHOA-0284
DATE : 13 January 2022

**ATTY. JANN ROBY R. OTERO**
Regional Director
Department of Human Settlement and Urban Development
Southern Tagalog Region

**Attn: Engr. Daphine Grace T. Nuñez**

**Dear Sir/Mam:**

Magandang araw!

Ang Board of Directors kasama ang bawat miyembro ng asosasyon at opisina ay humihiling na matulungan ang asosasyon maisakatuparan ang pagtatayo ng boom sa loob ng subdibisyon sapagkat nanghihimasok ang Communities Batangas, Inc. (Developer) sa proyektong pinatutupad ng Camella Lipa Homeowners' Association, inc.

Kalakip ng sulat na ito ang Kapasiyahan Blg. 2021 -0056 na nilagdaan ng Board of Directors.

Inaasahan po namin ang inyong agarang aksyon para rin sa kapakanan at kaligtasan ng miyembro ng Asosasyon.

**Lubos na gumagalang,**

**Guillermo Ocampo Jr.**
**Pangulo ng Asosasyon ng Camella Lipa**

Scanned with CamScanner

Camella Lipa Homeowners' Association, Inc.
HLURB Reg. No. 15447 • TIN No. 420-931-299-000
Brgy. Tibig, Lipa City, Batangas
Website: camellalipahoa com
Contact No.: 09171364374; Email: hoaofficial@camellalipahoa.com

**KAPASIYAHAN BLG. 2021-056**

KAPASIYAHAN NG KAHILINGAN NG CAMELLA LIPA HOMEOWNERS' ASSOCIATION, INC. NG BARANGAY TIBIG, LIPA CITY, BATANGAS KAY **ATTY. JANN ROBY R. OTERO, REGIONAL DIRECTOR REGION IV-A NG DEARTMENT OF HUMAN SETTLEMENTS AND URBAN DEVELOPMENT (DHSUD),** NA MATULUNGAN ANG ASOSASYON MAISAKATUPARAN ANG PAGTATAYO NG BOOM SA LOOB NG SUBDIBISYON SAPAGKAT NANGHIHIMASOK ANG COMMUNITIES BATANGAS, INC. (DEVELOPER) SA PROYEKTONG PINATUTUPAD NG CAMELLA LIPA HOMEOWNERS' ASSOCIATION, INC.

**SAPAGKAT,** noong gabi ng ika-16 ng Nobyembre taong 2021 kinuha at sinira ng tauhan ng Communities Batangas, Inc. ang itinatayong pansamantalang bakod ng asosasyon sa Phase 4 (Heights).

**SAPAGKAT,** noong ika-17 ng Nobyembre taong 2021 tumawag ang Board of Directors ng Camella Lipa Homeowners's Association, Inc. ng pulis upang maimbestigahan ang nawawalang bakod.

**SAPAGKAT,** noong ika-25 ng Nobyembre taong 2021 sa ganap na ika-apat ng hapon muling kinuha at harapang sinira ang panibagong boom na pinapagawa ng asosasyon sa harap ng clubhouse.

**SAPAGKAT,** kung hindi napigilan muling kukuhanin ng tauhan Communities Batangas, Inc itinatayong boom sa may rotonda ng subdibisyon.

**SAPAGKAT,** ang nasabing proyekto ay para sa seguridad ng asosasyon sa kadahilanang maraming trabahador mula sa katabing phase ang pumapasok sa Phase 1, 2, 3, 4 (Heights), 5 (Highland) at 6 (Eastgrove).

**SAPAGKAT**, nagiging maluwag rin ang pagpapatupad ng mga alituntunin sa pangunahing pasukan ng subdibisyon

**SAPAGKAT**, ang nasabing proyekto ay upang masolusyunan ang problema ng asosasyon sa patuloy na pagpapasok ng mga sasakyang walang sticker at maluwag na paglalabas pasok ng mga kagamitan.

**SAPAGKAT,** ninanais lamang ng pamunuan ng HOA na mabigyan ng matinding higpit na seguridad ang lahat na nakatira sa loob ng subdibisyon.

**SAPAGKAT,** patuloy na nangingialam ang Communities Batangas, Inc sa mga proyektong pinatutupad ng asosasyon.

**SAPAGKAT**, hindi nakikipagusap ang Communities Batangas patungkol sa nasabing proyekto.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ni **BOD RHEA MULINGBAYAN.** na sinang-ayunan ng lahat na pagtibayin ang resolusyon ng kahilingan kay **ATTY. JANN ROBY R. OTERO, REGIONAL DIRECTOR REGION IV-A NG DEARTMENT OF HUMAN SETTLEMENTS AND URBAN DEVELOPMENT (DHSUD)** NA MATULUNGAN ANG ASOSASYON MAISAKATUPARAN ANG NASABING PROYEKTO.

**IPINASYA RIN,** na madala ang sipi ng resolusyong ito sa kanyang tanggapan para sa kanilang kabatiran at kaukulang aksyon.

**PINAGTITIBAY,**ngayong ika–06 ng Enero, 2022.



Scanned with CamScanner

**Camella Lipa Homeowners' Association, Inc.**
HLURB Reg. No. 15447 • TIN No. 420-931-299-000
Brgy. Tibig, Lipa City, Batangas
Website: camellalipahoa.com
Contact No.: 09171364374; Email: hoaofficial@camellalipahoa.com

**PINATUTUNAYAN NAMIN,** ang kawastuhan ng resolusyong ito.

**GUILLERMO OCAMPO JR.**
President

**EDISON HERNANDEZ**
Vice-President

**RHEA MULINGBAYAN**
Treasurer

**KRISTINE ALDAY**
Secretary

**JULIAN FERNANDO RUNIO**
P.R.O.

| NAME | TIN NO. | VALID ID |
| --- | --- | --- |
| Guillermo Ocampo Jr. | __________ | __________ |
| Edison Hernandez | __________ | __________ |
| Rhea Mulingbayan | __________ | __________ |
| Kristine Alday | __________ | __________ |
| Julian Fernando Runio | __________ | __________ |

Doc. No. __________
Page No. __________
Book No. __________
Series of 2021

**NOTARY PUBLIC**



Scanned with CamScanner